

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Mga sagot sa Pagtukoy ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

Panuto: Isang liham ang ipinakikita sa ibaba. Salungguhitan ang panghalip na panao na bubuo sa bawat pangungusap. Pumili sa mga panghalip na panao sa loob ng panaklong.

Mahal ¹(niyang, kong, kitang) Emily,

Kumusta ²(ka, siya, ikaw) na? Pasensya na at ngayon lang ³(ikaw, tayo, ako) nakasagot sa sulat mo. Malapit na kasi ang pagsusulit sa paaralan kaya abala ⁴(siya, kayo, ako) sa pag-aaral. Ang paborito ⁵(mong, niyang, kong) asignatura ay *Science*. Dahil hindi ⁴(ako, ikaw, ka) masyadong magaling sa *Math*, tinuturuan ako ni Kuya Mio.

Sana magustuhan mo ang larawan na pinadala ⁶(ko, mo, niya) kasama ng liham na ito. Ang buong pamilya ⁷(mo, ko, niya) ay pumunta sa isang *resort* sa Laguna. Pati si Lolo Manuel sumama sa ⁸(kanila, kayo, amin). Nahalata mo ba sa larawan na tumangkad na si Kuya Mio? Nahilig nga ⁹(sila, siya, ka) sa paglalaro ng basketbol. Badminton naman ang bagong hilig ko ngayon.

Naalala mo ba ang pinsan ko na si Maya? Magkaklase na ¹⁰(ako, siya, kami) ngayon. Bagong lipat dito ang pamilya ¹¹(niya, namin, mo) at natutuwa siya dahil nagkita kami. Galing sa lalawigan ng Quezon ang pamilya ni Maya kaya marunong ¹²(ako, siya, tayo) mag-Tagalog. May ate at kuya si Maya. Mabait ¹³(sila, kayo, kami) sa akin.

Kumusta naman ang pamilya mo? Masaya ba ¹⁴(kayo, kami, ko) sa bagong tirahan ninyo? Sana makabisita ¹⁵(ka, siya, ako) sa inyo balang araw. Pangarap ko na magkita ¹⁶(tayo, siya, ikaw) muli. Nalungkot ako sa pag-alis mo dahil ¹⁷(siya, ikaw, sila) ang unang matalik kong kaibigan. Sigurado ako na ¹⁸(kami, tayo, sila) ay mananatiling magkaibigan.

Hihintayin ko ang tawag mo sa Sabado dahil marami pa ¹⁹(akong, ikaw, siyang) ikukuwento sa iyo. Sabik na akong marinig muli ang boses ²⁰(ko, mo, niya).

Nagmamahal,

Myra